

Hepatitis B at kanser sa atay

Itong katunayang pahina ay tungkol sa virus na hepatitis B at kaugnayan nito sa kanser sa atay.

Mahigit sa 210,000 na mga Australyano ay mayroong di-gumagaling (chronic) na hepatitis B. Marami ang hindi alam na nagkaroon sila at maaaring nanganganib sa kanser sa atay.

Ano ang hepatitis B?

Ang Hepatitis B, o 'hep B', ay isang virus. Umaapekto ito sa atay. Nagsasanhi ito ng:

- pamamaga (swelling)
- pagpipilat (tawag ay cirrhosis) at/ o
- kanser sa atay.

Anong kahulugan ng chronic hepatitis B?

Ang mga taong dati nang may hepatitis B nang mahigit anim na buwan ay may 'chronic' hepatitis. Taglay na ito ng karamihan noong sila'y sanggol o kabataan pa. Yaong may chronic hepatitis B ay maaaring maayos ang pakiramdam. Maaaring wala sila ng anumang mga senyales ng impeksyon. Ngunit., ang ilan ay magkakapilat sa atay at /o kanser sa atay.

Paano ka nagkakaroon ng hepatitis B?

Dala-dala ng mga likido ng katawan at dugo ang hepatitis B virus. Kumakalat ang virus kung itong mga likido ay makapasok sa katawan ng ibang tao.

Naikakalat ito:

- mula sa ina tungo sa bata habang buntis o sa panganganak (kung ang sanggol ay hindi mabakunahan pagkasilang).
- sa walang proteksyong pagtatalik
- sa paghihiraman ng pang-iniksiyong gamit
- sa hindi sterilisadong mga medikal na pamamaraan
- dugong may-impeksyon sa kung anong paraan ay nakapasok sa daluyan ng dugo ng katawan

Hindi ito naikakalat:

- sa pakikihati ng pagkain, inumin at kubyertos
- sa yakapan at halikan
- sa pakikipagkamayan.

Paano mo malalaman kung mayroon kang chronic hepatitis B?

Humiling sa doktor mo ng pag-iiksamin sa dugo para sa hepatitis B. Masasabi ng pag-iiksamin sa dugo kung ikaw ay:

- mayroong chronic hepatitis B
- kailangang magpabakuna para proteksyon mo
- nabakunahan na noon at protektado na.

Isa sa tatlo kataong may chronic hepatitis B sa Australya ay hindi alam na mayroon sila nito. Maraming mga tao ang hindi nakikitaan ng mga senyales nito. Kung wala kang hepatitis B, ang pagkabakuna ay proteksyon mo laban sa impeksyon ng hepatitis B.

Sino ang dapat maiksamin sa hepatitis B?

1. Ang mga taong isinilang sa lugar ng Asia Pacific, Africa, Central at South America, Eastern at Southern Europe, Caribbean at ang Middle East. Ang mga pag-tsek sa kalusugan sa pagmigrasyon sa Australya ay kalimitang di iniiksamin ng hepatitis B.
2. Mga Aboriginal at taga-islamang Torres Strait.

Anong kaugnayan ng hepatitis B at kanser sa atay?

Ang virus na hepatitis B ay maaaring maging sanhi ng kanser sa atay. Ang kanser sa atay ay tumor na tumutubo sa atay. Mayroon man o walang cirrhosis, ang mga tao ay maaaring magkaroon ng kanser sa atay. Isa sa apat na taong mayroong di-gumagaling (chronic) na hepatitis B ay magkaka-cirrhosis at /o kanser sa atay.

Sino ang namimiligro sa kanser sa atay na kaugnay ng hepatitis B?

Sinuman na mayroong chronic hepatitis B ay maaaring magkakanser sa atay. Ang lahat ng may chronic hepatitis B ay dapat magkaroon ng regular na pagpapacheck-up.

Anong ginagawa sa pagcheck-up na ito ?

Magandang ideya na isangguni ka ng doktor mo sa isang ispesyalista. Mapapayuhan ka nila tungkol sa chronic hepatitis B.

Ang taong mayroong chronic hepatitis B ay kalimitang pinapablood test tuwing anim na buwan. Ito ay para malaman ang takbo ng atay.

Kung kailangan ng ispesyalista mo ng dagdag na mga check-up sa kanser sa atay, kailangan mong:

- mga paiksamin sa dugo tuwing anim na buwan para makita ang mga protinang AFP. Ang AFP ay ang protinang dumarami kapag tumutubo ang kanser.
- Ultrasound sa atay tuwing anim na buwan para malaman kung may mga tumutubo sa iyong atay.

Ang mga pacheck-up na ito ay para makatulong na maagang makita agad ang senyales ng kanser sa atay, habang ito ay maliit pa at madaling gamutin. Kalimitang ginagawa itong mga pag-iiksamin sa mga tao na:

- nagmula sa Asya (mga lalaking higit sa 40 taon at mga babaing higit 50 taon)
- nagmula sa Aprika at edad mahigit na 20 taon.
- may kasaysayan ang pamilya sa kanser sa atay at / o
- nagkaroon ng pagpipilat(cirrhosis) sa atay.

May gamot ba sa chronic hepatitis B?

May gamot para sa chronic hepatitis B. Makontrol nito ang virus. Ang pagpapagamot ay hindi magreresulta ng paggaling, ngunit mapipigilan nito ang pagkasira ng atay at ang kanser sa paglipas ng panahon.

Hindi lahat na may chronic hepatitis B ay kailangang magpapagamot. Ang ispesyalista ang makakatulong sa inyong magpasya kung kailan mo kailangang magpapagamot.

Kung mayroon kang Medicare card, ang pamahalaan ang magbabayad ng ilan sa mga o lahat ng inyong pagpapagamot. Kung wala kang Medicare card, kausapin ang iyong ispesyalista kung anong dapat gawin.

May gamot ba ang kanser sa atay?

Ang paggagamot sa kanser sa atay ay depende sa laki ng kanser at kung kumalat na ito. Madaling gamutin ang kanser sa atay kung maaga pa itong natuklasan. Kausapin ang iyong ispesyalista kung anong mga mapagpipilian mo sa pagpapagamot.

Inirerekomenda namin ang sumusunod na mga hakbang para mabawasan ang iyong peligro sa kanser sa atay na kaugnay ng hepatitis B:

- Humiling na magpa-blood test para malaman kung mayroon kang chronic hepatitis B, lalo na kung nasa grupo ka ng malaking peligro.
- Kung mayroon kang chronic hepatitis B, hilingin sa doktor mong isangguni ka sa ispesyalista sa atay at palaging magpa- check-up.
- Kung wala ka pang bakuna sa hepatitis B nirerekomenda naming magpabakuna ka. Libre ang bakuna para sa - lahat ng mga sanggol na bagong silang - mga kapartner, pamilya at kasambahay ng mga taong mayroong hepatitis B.

Tanungin ang doktor mo para sa karagdagang impormasyon.

Mababawasan mo rin ang iyong pangkalahatang peligro sa kanser sa pamamagitan ng:

- limitahan ang pag-inom o huwag uminom ng alak
- pagkain ng maraming mga prutas at gulay
- iwasan ang pagkain ng matataba at niyari nang mga pagkain
- pagkakaroon ng malusog na timbang
- regular na pag-eehersisyo (umpisahan ng unti-unti at dalas-dalasan sa paglipas ng panahon)
- pagtigil ng pagsisigarilyo
- pagpapa-Pap smear at mammogram at gawin din ang bowel screening test kung kinakailangan.

Saan pa ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Ang mga nasa peligro ng kanser sa atay, o mayroong kanser sa atay ay maaaring bumisita sa www.cancerwa.asn.au o tawagan ang Cancer Council WA sa numero **13 11 20**.

Para sa impormasyon at suporta sa hepatitis B, bisitahin ang www.hepatitiswa.com.au o tawagan ang Hepatitis WA **(08) 9328 8538** May libreng interpreter sa **13 14 50** kung kinakailangan.



420 Bagot Road
Subiaco 6008
Western Australia

t +61 8 9212 4333
f +61 8 9212 4334

cancerwa.asn.au

